

# KIAN

KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS


# KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

## Eksibisyon sa Museo Taro Okamoto

304

(岡本太郎美術館企画展)




Ang Museo ni G. Taro Okamoto sa Kawasaki na kung saan ang artist na si G. Taro Okamoto at ng ideya nito ukol sa mga earlier inhabitants sa Amazon na tinatawag na CAYAPO ay ipapalabas ang mga larawan kasama ang mga paraan ng pamumuhay ng mga ito. Ito ay pinamagatang 「Mga mandirigma ng Amazon -Tao・Kalikasan・Arte-」

Mapapanood at masusubukan dito ang paraan kung paano ang pagpintura sa mukha gamit ang mga bungang kahoy, makapagsusuot ng mga aksesori at maaaring mag-papicture,

may mga slide shows at talk shows.

Alamin ang tamang araw ng palabas tignan sa HP: <http://www.taromuseum.jp/> Nag-umpisa ito noong ika-14 ng Hulyo(Sabado) hanggang ika-17 ng Septyembre (Linggo)Ang bayad sa entrans ay 700 yen (560 yen sa mga bibili ng maaga), 500yen sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan at mga may edad 65 pataas. Libre para sa mga elementarya.

Sa mga katanungan, tumawag sa Okamoto Taro Bijyutsukan 044-900-9898.



## Festa Summer Muza Kawasaki 2007

305

フェスタサマーミュージーザ KAWASAKI2007

Medyo mahirap intindihin ang Classic Concerts . . . .

Para sa mga beginners ng Classic, narito na ang pinakahihintay na ibento! 「Festa Summer Muza」 Sa taong ito, muli at kasalukuyang nagtatanghal sa Muza Kawasaki Symphony Hall hanggang sa ika-12 ng Agosto araw ng Linggo.

Mula sa Franchise Orchestra ng Kawasaki (Tokyo Symphony Orchestra) at ng iba pang orchestra na galing sa 9 na distrito ng capital na rehiyon ng Tokyo, ihahandog sa lahat ang ” Summer Music Festa” sa Muza Kawasaki Symphony Hall.

3000 yen ang pinaka-risonableng presyo kung saan makakapanood ng 70 minutong konsiyerto(pinakamaigsing oras ng panonood).

Ang mga tiket ay mabibili sa Muza Ticket Counter, PIA Lawson Ticket atbp. Sa ib pang detalye, tumawag sa Muza Kawasaki Symphony Hall 044-520-0200.



# Kawasaki Tamagawa Hanabi

(川崎市制記念 多摩川花火大会)

Narito na at muling gaganapin sa taong ito bilang pag-alaala sa anibersaryo ng pagkahirang ng Kawasaki bilang Siyudad at ng Tamagawa. Mapapanood ito ng ika -18 ng Agosto sa oras ng alas saiy medya, Takatsu ku, Suwa · tabing-ilog ng Tamagawa.

Ang Tamagawa Hanabi ay nagsimula mula pa ng kapanahunan ng Showa bilang isang tula sa kalangitan sa kalagitnaan ng panahon ng tag-araw. Ngayong taon din matutunghayan ang 6,000 piraso ng fireworks, mapapakinggan at makikitang muli sa kalangitan ang magandang kislap at hugis pati na ang tunog nito.




Upang makarating sa lugar na ito, sumakay ng tren papuntang istasyong Futako shinchi ng Den-entoshi Line, (8 minutong lakad) istasyon ng Takatsu (15 minutos) JR line Musashi Mizonokuchi (20 minutos) Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsadya dito ng naka-sasakyan, bisekleta at motorbike.

Walang nakalaang paradahan kaya't gamitin ang pampublikong sasakyan.

Ang mga katanungan ay sasagutin ng "Thank You-Call" (39 sankyu) sa numerong 044-200-3939.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa:  
**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki**



**Silid —Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center  
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/